IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

SEMIYOLOHIKAL ANALISIS SA MGA AWITING RAP NI SHANTI DOPE

Christine Joy C. Merculio and Freddielyn B. Pontemayor, Ph.D.

Department of Language Education, College of Education, Central Mindanao University, Musuan, Maramag, Bukidnon, Philippines

https://doi.org/10.5281/zenodo.11113060

ABSTRACT

Napapansin ang pagkahilig ng mga kabataan sa mga awiting nagtataglay ng magandang himig at ritmo kahit hindi ganap na batid ang mensahe nito. Mula rito, nilalayon ng pag-aaral na ito ang pag-alam sa mga tema, simbolo, at isyung panlipunan sa matatagpuan sa mga awiting rap ni Shanti Dope. Gamit ang *Purposive Sampling* sa pagpili ng 10 awiting rap na tiyak na angkop bilang mga datos sa pananaliksik na ito. Kuwalitatibong pamamaraan partikular ang kontent analisis ang ginamit upang masuring lubos ang tema, simbolo, at isyung panlipunan na matatagpuan sa mga awitin ni Shanti Dope. Ginamit bilang sandigan naman ang Semiyolohiya ni Roland Barthes sa pagsuri sa mga layunin ng pag-aaral.Batay sa naging resulta, natuklasan na naglalaman ang mga awitin ni Shanti Dope ng mga temang kahirapan at pag-ibig; ang mga simbolong ginamit ay nakitaan ng temang katapangan, pag-asa, at tagumpay; nasasalamin naman ang mga isyung kahirapan, materialismo, at objectification sa mga kababaihan bilang mga isyung panlipunan.

Mga susing salita: *tema, simbolo, isyung panlipunan, semiyolohiya, at Roland Barthes*

INTRODUCTION

Natatangi ang paghanga at pagsuporta ng mga tao sa mga kantang may makabuluhang mensahe at kinapalolooban ng mga isyung panlipunan. Sa kasalukuyang panahon, ang musika ay may malaking impluwensiya sa lipunan, partikular ang genreng rap na kinahuhumalingan ng maraming kabataan. Maaaring makakita ang mga kabataan ng pagkakakilanlan o pagpapahayag ng sariling identidad sa mga awiting ito. Sa pamamagitan ng awitin, naipapahayag o naipapalabas din ang iba't ibang saloobin o emosyon. Sa kabila nito, marami ring naglipana sa iba't ibang social media platforms na naglalaman ng mga marahas na liriko at kinakanta ng mga kabataan kahit ang ilan, hindi ganap na batid ang kahulugan.

Ang patuloy na paglaganap ng mga awiting may karahasan ay maaaring magdulot ng pagtaas ng krimen sa lipunan – resulta ito ng impluwensya at naikintal sa isipan ng kabataang tagapakinig ang mensahe ng awit. Sa pag-aaral ni Anderson at Carnagey (2014), sa "Violent Music Lyrics Increase Aggressive Thoughts and Feelings", ang mga musikang may karahasan sa mga liriko ay nakapagtataas ng agresibong pag-iisip at damdamin ng mga tagapakinig. Natuklasan din ni Coyne et al (2017), potensyal na impluwensya ng mga mararahas na musika sa pagpapalaganap ng negatibong pananaw at kaisipan. Sinuportahan pa ito ng pag-aaral ni Cabello et al. (2016), na pinamagatang "The Influence of Rap Music on Filipino Teenager's Social Behavior and Values", natuklasan na ang mga lirikong rap na nagpapahayag ng mga negatibong mensahe, tulad ng karahasan at droga ay maaaring makaimpluwensiya sa mga kabataan at magdulot ng mga pagbabago sa kanilang pag-uugali at mga paniniwala.

Mula rito, masasabing madalas ginagampanan ng musika ang papel sa pagpapakita ng tunay na mga pangyayari sa lipunan at napapansin ang pagkakaugnay nito sa pang-araw-araw na buhay ng mga mamayang Pilipino, lalo na sa mga sitwasyong direktang nakaaapekto sa mga ito. Ayon sa isinagawang pagsusuri ni Buan et al. (2014), sa kanilang pag-aaral na "Rap Music as a Medium for Socio-Political Discourse: Perspectives of Filipino Rap Artists", natuklasan na ang mga rap artist ay gumagamit ng rap music bilang isang paraan upang maipahayag ang mga isyung at makapagbigay ng boses sa mga suliranin ng lipunan. Dahil dito, ang mga rap artist ang nangunguna sa pagtataguyod ng pag-unlad at kamalayan. Kung kaya, ang mga kanta ay naglalaman ng mga mensaheng tumatalakay sa mga isyung panlipunan at ipinapahayag ang sariling kritisismo at pananaw sa pamamagitan ng malawak at malalim na makahulugang salita at tugma.

Samakatuwid, ang musika ay hindi lamang isang malakas na midyum para sa pagpapahayag ng emosyon. anyo ng libangan o aliwan, kundi isang malaking bahagi ng buhay ng tao na nagpapagaan, nagdudulot ng kasiyahan, at nagpapahayag ng mga saloobin at karanasan ng mga tao. Ang musika ay ginagamit bilang isang paraan ng

pagpapahayag ng mga isyung panlipunan, politikal, o emosyonal na may kaugnayan sa isang partikular na lipunan o pangkat ng mga tao.

Kaugnay nito, pinagtuunan ng pansin ng mananaliksik ang kamakailang interes ng mga kabataan sa musika, lalo na ang mga awiting rap ni Shanti Dope. Hindi maipagkakaila ang kanilang pagtangkilik sa kanyang mga awitin lalong-lalo ng mga kalalakihan. Mula rito, ninais ng pag-aaral na ito na suriin ang mga awiting rap ni Shanti Dope batay sa sinyas, imahen, simbolismo, tema, at isyung panlipunan na matatagpuan dito.

Research Questions

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masagot ang pangkalahatang katanungang, ano ang tema, simbolo, at isyung panlipunan na matatagpuan sa mga awiting rap na isinulat ni Shanti Dope? Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, layunin nitong sagutin ang ang mga ispesipikong suliranin:

1.Ano-anong tema ang inilalahad sa mga awiting rap ni Shanti Dope?
2.Ano-anong simbolo ang pinapakuhulugan ng mga awiting rap ni Shanti Dope?
3.Ano-anong mga isyung panlipunang nakapaloob sa mga awiting rap ni Shanti Dope?

METHODOLOGY

Inilahad sa kabanatang ito ang mga pamamaraang ginamit sa pag-aaral at paglalarawan sa mga hakbang na isinakatapuran sa pagsisiyasat sa mga tema, simbolo, at isyung panlipunan sa mga awiting rap ni Shanti Dope.

Disenyo ng Pananaliksik

Ang isinagawang pag-aaral ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo sa pagsiyasat sa mga tema, simbolo, at isyung panlipunan sa mga awiting rap ni Shanti Dope. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay maunawaan ang mga kahulugan at implikasyon ng mga liriko sa pamamagitan ng deskriptibong pamamaraan, partikular ang kontent analisis.

Instrumento ng Pananaliksik

Ginamit sa pag-aaral na ito ang purposive sampling sa pagpili ng sampung awitin ni Shanti Dope na makikita sa mga social media platforms tulad ng facebook at youtube. Ang instrumentong ito ay nagbigay ng oportunidad na masiyasat ang mga awitin na may espisipikong kaugnayan sa layunin ng papel na ito. Nagbigay pananaw rin ang musika ni Shanti Dope na magkaroon ng kahalagahan sa larangan ng pag-aaral. angkop na gamitin upang masagot ang mga layunin ng pag-aaral.

Pamamaraan ng Pananaliksik

Nilikom ng mananaliksik ang sampung piling awit ni Shanti Dope. Ang paglikom ng mga awit ay isinagawa sa pamamagitan ng paghahanap at pagili ng mga kanta mula sa mga opisyal na album kung saan matatagpuan ang mga awitin ni Shanti Dope. Binasa ang napiling awitin kung saan nagbigay-daan sa mananaliksik na masiyasat ang mga tema, simbolo, at isyung panlipunan. Binasa rin ang talambuhay ni Shanti Dope upang maunawaan ang konteksto, karanasan, at impluwensya na maaaring magkaron ng epekto sa paglikha ng kanyang mga awitin.

Pagsasaayos at Pagsusuri ng Datos

Matapos mapili ang sampung awiting rap ni Shanti Dope ay siniyasat ng mananaliksik ang mga tema, simbolo, at isyung panlipunan na makikita sa mga awitin. Sa pamamagitan ng paggamit ng teoryang Semiotics ni Roland Barthes, nagkaroon ng mas malalim na interpretasyon at pag-unawa ang mananaliksik sa mga awit na napili.

RESULTS AND DISCUSSION

Sa pamamagitan ng masusing pagsiyasat sa mga awiting rap ni Shanti Dope, mayroong sampu (10) sa mga ito ang at siniyasat ang mga tema, simbolo, at isyung panlipunan na masasalamin sa mga awitin. Narito ang nasiyasat na tema ng mga awitin:

Talahanayan 1: Mga Temang Inilalahad sa mga Awiting Rap ni Shanti Dope

Mga Awiting Rap ni Shanti Dope	Tema
1. Norem (2017)	Kahirapan
2.Mau (2017)	Pag-objectify sa mga kababaihan
3.Shanti Dope (2017)	Kahirapan
4. Materyal (2017)	Pag-ibig
5.1nthrow (2017)	Kahirapan
6. Amatz (2019)	Personal na katatagan
7. Normalan (2020)	Simpleng relasyon
8.Peekaboo! (2021)	Determinasyon
9. Y.G.G (2023)	Kapangyarihan
10. Young Gaddy (2023)	Pag-ibig

Ang mga awiting rap ni Shanti Dope ay naglalaman ng iba't ibang tema na naglalahad ng mga mensahe at karanasan sa lipunan. Makikita sa talahanayan ang temang kahirapan na lumilitaw sa tatlong awitin tulad ng "Norem, Shanti Dope, at 1nthrow". Dalawa mula sa mga awitin ang naglalaman ng temang pag-ibig, ang "Materyal at Young Gaddy". Ang iba pa sa mga awitin ay nagtataglay naman ng iba't ibang tema; pag-objectify sa mga kababaihan, personal na katatagan, simpleng relasyon, determinasyon, at kapangyarihan.

Temang Kahirapan sa Awiting Rap ni Shanti Dope

Ang temang kahirapan na makikita sa tatlong awiting "Norem, Shanti Dope, at 1nthrow" ay nagpapakita ng mga hamon, suliranin, at mga realidad na kinakaharap ng mga taong nabubuhay sa kahirapan. Nilalayon ni Shanti Dope na mabigyang boses ang mga taong apektado ng kahirapan ng buhay. Pinapatunayan ito sa mga linya ng tatlong awitin, mula sa awiting Norem, masasalamin ito sa mga lirikong, "Makinig sa istorya dun sa may Divisoria/Alamin nag lahat tungkol sa anak ni Aling Gloria/Palaging nasa lansangan kahit na maalainsangan/'Di siya nag-aalinlangan basta tamang bentahan/", ang mga linyang ito ay nagpapakita ng isang indibidwal na pagsisikap na maghanapbuhay at alagaan ang pamilya sa gitna ng kahirapan. Ipinapahayag naman sa awiting "Shanti Dope" ang parehong tema sa lirikong, "Gandang umaga haring araw, tulala sa kaning bahaw/ lumaki na gutom lang ang 'di kayang kalabanin/Ang dami-daming maiingay do'n sa amin/Bihira kung dalawin ng grasya't sariwang hangin", kung saan ipinapahiwatig ng "kaning bahaw" ang simbolo ng kakulangan sa pagkain. Ang mga nabanggit na linya ay nagpapakita ng mga saloobin at karanasan ng isang indibidwal na nakararanas ng kahirapan. Sa pamamagitan ng salita at imahen, nagawang maipahayag ni Shanti Dope ang mga hamon ng realidad ng buhay sa mga komunidad na mayroong kahirapan. Sa awiting "1nthow", masasalamin din ang temang kahirapan sa mga lirikong, "Na malala sa alipin, ang mahalaga nabawi rin/ May napapala kada gising ko, sa kama kahit na gipit ako na dumilat ay todo kayod kalabaw kahit na walang sahod sa lamesa", kung saan ipinapakita ang pagsasakripisyo na kahit tila ba ay isang kahig, isang tuka ang sitwasyon.

Ipinapakita ng tatlong awitin na ito ni Shanti Dope ang iba't ibang aspeto ng kahirapan tulad ng kawalan ng sapat na kita, kasalatan sa pagkain, kahirapan sa pagtamo ng biyaya, at ang patuloy na pakikipagsapalaran ng mga taong nakararanas ng kahirapan. Ito ay tunay na sumasalamin sa mga isyu sa lipunan kung saan ipinapakita nito ang mga pang-araw-araw na karanasan ng mga taong nabubuhay sa kahirapan at nagbibigay-daan upang mailahad ang mga saloobin at suliraning kinakaharap. Bilang suporta sa mga nabanggit, inilarawan sa aklat ni Desmond (2016), sa kanyang "Evicted: Poverty and Profit in the American City", kung saan ang kawalan sa trabaho, kakulangan sa sweldo, at kahirapan ng mga tao sa mga komunidad ng mababang kita ay kapwa mga senyales ng kahirapan. Sinusuportahan naman ito ni Piketty (2013), sa kanyang aklat na "Capital in the Twenty-First Century", kung saan ipinakita ang patuloy na paglaki ng agwat

sa pagitan ng mayayaman at mahihirap, pati na rin ang mga hamon na kinakaharap ng mga taong nasa mababang antas.

Tunay na ang mga awitin ay repleksyon ng mga tunay na kalagayan ng mga tao sa Pilipinas, kabilang ang mga hamon at hirap na dulot ng kahirapan. Ito ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at personal na karanasan ng mga Pilipino na nakararanas ng kahirapan sa araw-araw nilang buhay. Tulad ng pahayag ni Lopez (2017), sa “Musikang Pansamantala: Ang Papel ng Awit sa Pagpapahayag ng Kahirapan sa Lipunan” na ang mga awitin ay salamin ng kahirapan sa lipunan. Ipinapakita rin dito ang kasaysayan at konteksto ng musika sa Pilipinas, kung saan ang mga awitin ay nagiging kasangkapan ng paglalahad ng mga suliranin at karanasan ng mga taong nabubuhay sa kahirapan. Malaki ang ginagampanan ng musika sa pagpapahayag ng mga tunay na sitwasyon kung saan nagsisilbi itong instrumento sa pagbabahagi ng kahirapan at kung paano ang mga ito ay nagbibigay-daan sa pagbuo ng empatiya, pagbabago at pagkilos sa lipunan (Garcia (2018). Sa pamamagitan ng mga kanta, nagkakaroon ng boses ang mga kuwento ng mga taong nabubuhay sa kahirapan. Naging tulay ito sa pagpahayag ng mga suliranin, pangangailangan, at mga gawain ng mga Pilipino sa kanilang paglaban sa kahirapan ng buhay.

Sa kabuuan, ang mga awiting ito ni Shanti Dope ay tunay na nagpapakita ng sitwasyon ng mga taong nabubuhay sa kahirapan sa Pilipinas. Ang musika, partikular ang mga awiting rap, ay nagiging salamin ng kahirapan sa lipunn, nagbibigay-daan sa pagbuo ng empatiya at pagkilos sa mga isyung panlipunan.

Temang Pag-ibig sa mga Awiting Rap ni Shanti Dope

Ang pag-ibig ay isang tema na hindi nawawala sa musika. Ito ay isang paraan ng pagbibigay kulay at damadamin sa mga awitin na nagpapakita ng mga karanasan at saloobin ng mga tao tungkol sa pag-ibig. Sa larangan ng rap, isa si Shanti Dope sa mga komposer na nagbibigay-buhay sa temang ito. Makikita sa talahayan 1 na mayroong dalawa mula sa sampung awiting siniyasat ang nakitaan ng temang pag-ibig, ang “Materyal at Young Gaddy”. Sa awiting “Materyal”, ipinapahayag ito sa mga lirikong “Ibibigay sa 'yo lahat ng gusto mo/Karangyaan, kayamanan na pwede mong hawakan/ Dito sa ibabaw ng mundo/ Sabi ng mapagsamantalang damdaming pansamantala/Na ako nga daw ay hangal dahil sa pagmamahal/Na 'di kayang tumbasan ng kahit na ano mang materyal”, ipinapahayag sa mga lirikong ito ang isang pag-ibig na walang hanggan at hindi nasusukat ng materyal na bagay. Subalit, sinasabi rin sa mga sumusunod na liriko na “Sabi ng mapagsamantalang damdaming pansamantala/Na ako nga daw ay hangal dahil sa pagmamahal/ Na 'di kayang tumbasan ng kahit na ano mang materyal”, kung saan nangangahulugan sa iba na ito ay kahangalan dahil sa sobrang pagmamahal niya ay bakit hindi niya ito maaaring tumbasan sa mga materyal na bagay. Sa kabuoan, nangibababaw sa awiting ito ang temang pag-ibig, sa kadahilanang ang pagmamahal ng isang tao ay hindi nasusukat sa ibinibigay na materyal na bagay. Ang ideyang ito ay sinusuportahan ni Means (2023) sa kanyang artikulong “The Power of Emotional Connection in Relationships”, kung saan ipinapakita na ang pagbibigay ng oras at pansin

sa mga mahal sa buhay, pakikinog, at pag-unawa sa mga pangangailangan at damdamin ay siyang nagpapalakas ng pag-ibig. Lubos na ipinagtitibay ang ideya ito ng teorya ni Maslow sa kanyang Hierarchy of Needs kung saan ipinapakita na ang pagmamahal at pagpapahalaga ay mas mataas at mas pangunahing pangangailangan kaysa sa mga materyal na bagay.

Kung sa awiting “Materyal” ay hindi kayang ibigay ng nagsasalita sa awitin ang mga materyal na bagay sa taong minamahal, sa awiting “Young Gaddy” naman ay taliwas sa ideyang ito kung saan makikita sa mga lirikong, “Gusto kitang makita na kumikinang palagi/Gusto kong ibigay lahat sa 'yo kung maaari/Yung diamond sa hikaw at Dior tsaka Versace'Pag tayo magkasama yung pakiramdam Young Gaddy (yeah)” ang intensidad ng pag-ibig at ang kakayahang kaya ng tumbasan ng mga materyal na bagay ang intensidad ng pagmamahal. Ang mga materyal na bagay na diamond, Dior, at Versace sa liriko ay nagpapakita ng espesyal na simbolo ng pagmamahal.

Sa teorya ng semiotics, ang mga sign o senyas na ito ay nagpapahiwatig ng luho, kasikatan, prestihiyo, at estilo ng pananamit. Bilang suporta, ang pag-aaal nina Kim at Troy (2018), na “Exploring the Luxury Fashion Brand Experience: Direct and Indirect Effects”, ay nagpapakita kung paano ang karanasan ng mga mamimili sa mga tatak ng luho tulad ng Dior at Vercase ay nakakaapekto sa kanilang pagkilala sa luho. Ipinapakita rin nito ang kahalagahan ng mga sign o senyas sa pagbuo ng isang espesyal na karanasan ng mamimili na nauugnay sa luho. Sa pag-aaral ni Koenigstorfer (2010) na “The Symbolic Power of Luxury Goods: Evidence from a Social Cognitive Perspective”, ipinakita kung paano ang mga mamahaling bagay, tulad ng alahas, relo, at kotse ay maaaring magsilbing simbolo ng pagmamahal at pagpapakita ng pag-aalaga sa isang tao. Ipinakita rin nito kung paano ang mga mamimili ay nagbibigay ng kahulugan at interpretasyon sa mga mamahaling bagay bilang mga simbolo ng pagmamahal sa konteksto ng sosyal na kognisyon. Sinusuportahan din ito nina Minton et al. (2013) sa kanilang pag-aaral na “The Role of Luxury Products in Enhancing Relationships”, na ang mga mamahaling bagay ay maaaring magampanan ang papel sa pagpapalakas at pagpapataas ng kalidad ng mga interpersonal na relasyon. Ipinakita nito kung paano ang mga mamimili ay nagbibigay ng mamahaling regalo at mga bagay bilang pagsisikap na mapakakas at mapalawak ang mga ugnayan sa pagitan ng mga taong nagmamahalan.

Sa pangkalahatan, ang mga awiting rap ni Shanti Dope ay nagpapakita ng iba’t ibang perspektiba at karanasan ukol sa tema ng pag-ibig, na nagbibigay-daan sa isang malalim at malawak na konsepto ng pagmamahal. Ito ay nagpapaalala na ang pag-ibig ay hindi lamang isang simpleng emosyon, kundi isang komplikadong saloobin na naglalaman ng iba’t ibang aspekto tulad ng pag-uugali at pagpapakahulugan sa konteksto nito.

Talahanayan 2: Mga Simbolong Pinapakahulugan sa mga Awiting Rap ni Shanti Dope

Mga Awiting Rap ni Shanti Dope	**Simbolo**	**Kahulugan**
1.Norem	*Aling Gloria*	karaniwang tao
	bakal	kalasag
	dugo	trahedya
	putikan	lugar na puno ng panganib o karahasan
	isda	indibidwal na nasa mahirap na kalagayan
	espada	katapangan
	sungay	katapangan
	rehas	kawalan ng kalayaan
2.Mau	*embotido*	ari ng lalaki
	burrito	babaeng masarap
	canteen	isang lugar na pagniniigan ng dalawang tao
	ginataan na mani	ari ng babae
	turon	ari ng lalaki
	Olive at Popeye	simbolismo ng relasyon ng dalawang tao
	monay	soso ng babae
	platito	simbolo ng utong ng babae
3.Shanti Dope	*kaning bahaw*	kahirapan at kakulangan
	poso	pag-asa
	pluma	sandata
	mikropono	boses
	diyamante	tagumpay
	Buddha, Shuva, Garudam, Kristo, Medusa	Pagiging bukas sa iba't ibang paniniwala at kultura.
	kama	kaligayahan
4. Materyal	*Darna*	proteksyon
	dalawang	malaking sasakyan
	higanteng ilaw	panganib
	langit	kaligayahan
5.1nthrow	*pulang kabayo*	katapangan
	sibat	handa sa labanan

	utak alimango	maluwang na pag-iisip at pagkakaroon ng iba't ibang perspektiba
	sapin sa paa	paglipat ng ibang landas
	haring-araw	pag-asa
	hitang mala Ara Mina	kagandahan
	pagkadoblecara	mapagpanggap, pagkakakroon ng iba't ibang pagkatao
	bumbilya	kaalaman
	Romy Diaz	pagbibigay-katangian sa karakter na ito sa pelikula
6. Amatz	*kalawakan bituin naka-dekwatro dami nilang alimango*	sobrang taas ng lipad ng isip pangarap kasaganahan simbolo ng maraming taong nagkakaroon ng isang partikular na layunin
7. Normalan	*hampasan ng* hamon ng buhay *unan*	
	camera	taong nagmamatyag
	perang mataba	mayaman
8.Peekaboo!	*alahas*	karangyaan
	abo	nasira o nawasak
	mantika	aangat pa rin sa kabila ng mga pagsubok
	sinulid	determinasyon
	lubid	daan tungo sa tagumpay
9. Y.G.G	*usok*	bisyong nakakaadik
	Y.G. G	kapangyarihan
	Gold chains	kasikatan at kayamanan
	shooters	katapangan
10. Young Gaddy	*diamond*	nagtataglay ng ganda
	YG, Dior, Versace	simbolo ng pagiging sosyal o antas ng pamumuhay
	Young Gaddy	persona o taong may lakas at kapangyarihan
	Hennesy, Ecstasy	simbolo ng paglilibang at paglaya sa mga alalahanin

Makikita sa talahanayan ang mga simbolong pinapakahulugan sa mga awiting Rap ni Shanti Dope. Mayroong 55 na mga simbolo ang nasuri ng mananaliksik: 8 sa awiting "Norem at Mau", 6 sa "Shanti Dope", 4 sa "Materyal, Amatz, at Young Gaddy", 3 mula sa "Normalan", 5 naman sa awiting "Young Gaddy". Mula rito, mayroong tatlong

nangingibabaw na tema ang matingkad na ipinapahiwatig ng mga simbolo: 1) Katapangan, 2) Pag-asa, at 3) Tagumpay. Narito ang mga komon na mga simbolo na parehong ipinapakahulugan mula sa mga awitin.

Talahanayan 3: Mga Nangibabaw na mga Simbolo sa Sampung Awiting Rap ni Shanti Dope

Tema	Awiting Rap ni Shanti Dope	Simbolo
1. Katapangan	• Norem • Shanti Dope • 1nthrow • Y.G. G	bakal, espada, sungay pluma pulang kabayo, sibat shooters
2. Pag-asa	• Shanti Dope • 1nthrow Amatz •	poso haring-araw bituin
3. Tagumpay	• Shanti Dope • Peekaboo! • Young Gaddy	diyamante lubid YG, Dior, Versace

Mula sa talahanayan 3, makikita na ang temang katapangan ang mas nangibabaw sa lahat kung saan apat sa mga awitin ni Shanti Dope ang gumamit ng mga simbolo na parehong ipinapakulugan ang katapangan dahil sa kanilang mga konotasyon at konteksto kung saan ito ginamit sa kanta (talahanayan 2): bakal, espada, sungay, pluma, pulang kabayo, sibat, at shooters.

Katapangan Bilang Simbolo sa Awiting Rap ni Shanti Dope

Ang simbolong bakal, espada, sibat, at shooters ay nagpapakita ng katapangan sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga larawan ng pakikipaglaban o pagtatanggol sa mga liriko ni Shanti Dope. Sa kabilang banda, ang nakiangkas sa giniginaw na pulang kabayo ay nagapahiwatig naman ng pagsasalarawan sa liriko ng pagtanggap sa sitwasyon ng isang paglalakbay at ang sungay ay nagpapahiwatig ng kapangyarihan at lakas sa pagiging mapangahas. Ang pluma sa awiting “Shanti Dope” ay nagsisilbing sandata ng nagsasalita sa awit kung saan ito ang ginamit niya upang magsilbing boses upang maiparating sa nakararami ang mga pangyayari sa lipunan, Ito ay sinusuportahan sa paggamit ng pluma bilang sandata ng katapangan ni Dr. Jose Rizal sa pamamagitan ng pagsusulat at pagpapahayag ng kanyang mga saloobin. Ang mga simbolong ito mula sa kanta ay nabigyan ng pagpapakahulugang katapangan gamit ang semiotics theory.

Bilang suporta sa nabanggit, nakasaad sa pagsusuri ni Anderson (2012) na pinamagatang “Symbolic Meaning of Weapons: An Analysis through Semiotics”, na ang

simbolikong kahulugan ng mga armas tulad ng bakal, espada, at shooters gamit ang konsepto ng semiotics ay nagpapakita ng senyas ng katapangan sa isang kultural na konteksto. Kilala ang mga bagay na ito na ginagamit sa mga aktwal na labanan upang protektahan ang sarili at ang mga mahal sa buhay. Sa konteksto ng awiting rap, ginamit ang mga bagay na ito bilang metapora upang ipahayag ang kanyang tapang at kahandaan na harapin ang mga hamon ng buhay.

Sinusuportahan din ito sa pagsusuri ni Thomposon (2014), na "Semiotics of Power: Analyzing the Symbolism of Animal Attributes", kung saan ang mga simbolong hayop tulad ng sungay at mga kuko ay nagpapakahulugan bilang mga senyas ng katapangan. Ipinapakita rin nito kung paano ang mga katangiang ito ay naglalarawan ng lakas at tapang sa iba't ibang konteksto. Dagdag pa sa analisis ni Wilson (2017) sa kanyang "The Symbolic Representation of the Horse: A Semiotic Study", kung saan binigyang-pansin ang semiotikong pag-analisa sa mga simbolikong kahulugan ng kabayo, kasama na ang pulang kabayo sa pamamagitan ng semiotics. Ito ay nagbibigaydaan sa komposer na mailarawan ng mga tauhan o mga pangyayari sa liriko ng matapang na pag-uugali o kahandaan na harapin ang mga krisis at panganib.

Sa pamamagitan ng mga nasuring simbolo sa mga awiting rap ni Shanti Dope, nagbigay-daan ito sa kanyang mga awitin na ipahayag ang mga mensahe ng katapangan, determinasyon, at pag-asa sa mga tagapakinig ng kanyang mga musika. Ang mga armas na ito ay naging bahagi ng kanyang lyrical arsenal upang maipahayag ang kanyang saloobin at mensahe nang makahulugan at malalim.

Talahanayan 4: Mga Isyung Panlipunang Nakapaloob sa mga Awiting Rap ni Shanti Dope

Isyung Panlipunan	Mga Awiting Rap ni Shanti Dope
1. Kahirapan	Norem
	Shanti Dope 1nthrow
2. Materialistikong Lipunan	Materyal Peekaboo! Young Gaddy
3. Pag-objectify sa Kababaihan	Mau Y.G.G
4. Droga	Amatz
5. Komplikadong Relasyon	Normalan

Makikita sa talahanayan ang mga nakapaloob na isyung panlipunan sa sampung awitin ni Shanti Dope. Batay rito, tatlo sa mga awitin ang nagpapakita ng isyung kahirapan, ang "Norem, Shanti Dope, at 1nthrow", tatlo ang nagpapakita ng materialistikong lipunan, dalawa ang nagpapakita ng *objectification* sa mga kababaihan,

ang “Mau at Young Gaddy”, isa ang sumasalamin sa isyung droga, ang awiting “Amatz”, at isa sa pagpapakita ng pagkakaroon ng komplikadong relasyon, ang “Normalan.

Isyung Kahirapan sa mga Awiting Rap ni Shanti Dope

Ang kahirapan ay isang malawak at pangkalahatang isyu na mayroong malalim na dahilan at epekto. Ang mga awiting “Norem, Shanti Dope, at 1nthrow” ay naglalarawan ng mga karanasan at realidad ng kahirapan. Inilalarawan sa mga liriko ng awiting “Norem” ang pang-araw-araw na karanasan at pagsisikap ng isang tao na nagtitinda sa bangketa upang mabenta ang kanyang paninda. Dahil sa kahirapan, natuto siyang magbenta ng droga kung saan siya lang ang mayroon nito. Ipinapakita ang kawalan ng pagpipiplian at ang pangangailangan na kumita ng pera. Sa awiting “Shanti Dope”, naglalaman naman ang liriko ng mga pagsubok at pagsisikap na kinakaharap ng tao. Ipinapakita ang determinasyon ng isang tao na hindi sumusuko at patuloy ang paglaban para sa kanyang pangarap. Sa awiting “1nthrow”, ipinakita rin ang pagkakaroon ng limitasyon at mga hamon na kinakaharap ng mga tao sa pang-araw-araw na pamumuhay kung saan nagkakaroon ng kahirapan sa paghanap ng trabaho. Ipinapahayag ang kahirapan sa pagkilala at pagtanggap mula sa ibang tao sa awiting ito.

Ang tatlong awitin na ito ay parehong nailabas ni Shanti Dope noong taong 2017 na nagsilbi niyang boses sa pagbabahagi ng kanyang personal na karanasan at mga obserbasyon sa lipunan tungkol sa kahirapan. Mula sa tatlong awitin, ang “Norem” ang pinakakilala at pinakasikat na nagpapakita ng isyung kahirapan sa Pilipinas na naipalabas taong 2017. Ito ay tumatalakay sa pagbebenta ng droga na tiyak na palasak noon pa man dahilan upang isagawa ang Oplan Tokhang na isang kampanya kontradroga sa ilalim ng administrasyon ng dating Pangulong Rodrigo Roa Duterte noong taong 2016. Ang mga lirikong, “*Handa kong mamatay dahil may dapat na buhayin/pamilyang umaasang matulungan sila/ buo kong nilunok ang kaba kahit maputol ang paghinga/ ‘Di pwedeng ako’y makulong lalaban kahit mag-isa/sabog ulo man o palit ulo kahit na magturo ng iba”* ay isang patunay na handa niyang ialay ang kanyang sariling buhay para sa pamilyang umaasa sa kanya na makapagbigay ng pangtustos sa araw-araw. Ito ay sinusuportahan ni Santos (2018), sa kanyang pagsusuri ng mga awitin sa konteksto ng kahirapan sa Pilipinas. Natuklasan niya na ang mga kanta tulad ng “Norem” ay naglalaman ng mga saloobin ng mga indibidwal na naaapektuhan ng kahirapan. Sinabi niya rin na ang mga lirikong nagpapahayag ng determinasyon at pagiging handang mamatay para sa pamilya ay isang repleksyon ng labis na kahirapan ng mga Pilipino. Ang mga ganitong liriko ay naglalayong bigyang-pansin at ipahayag ang mga suliranin ng lipunan sa pamamagitan ng musika.

Tunay na ang kahirapan ang isa sa dahilan kung bakit kumakapit sa patalim ang mahihirap tulad ng pagbebenta ng droga. Ito ay pinatutunayan ni Deeds (2018) sa kanyang papel na “The Link Between Poverty and Drug Use”, kung saan inilahad sa kanyang resulta ng pag-aral na nag-uugnay ng kahirapan at paggamit ng droga. Ipinapakita nito ang mga socioekonomikong kadahilanan na maaaring magdulot ng kahirapan at maging salik sa pagpasok sa illegal na Negosyo ng droga. Sinusuportahan naman ito ng pag-aaral ni Balakrishan (2015), na “Economic Deprevation and Criminal

Involvement: Evidence from Disasters", kung saan ang indbidwal na naaapektuhan ng kahirapan ay nahihikayat sa paggawa ng masama bilang isang paraan upang makahanap ng mapagkukunan ng kita at maibsan ang kanilang pangangailangan. Sinuportahan naman ito ni Cooper (2016), kung saan natuklasan na ang mataas na antas ng kahirapan sa isang komunidad ay maaaring madulot ng mga kaso ng kriminalidad.

Sa kabuuan, ang mga awiting rap ni Shanti Dope na nagpapakita ng kahirapan ay nagbibigay-diin sa mga hamon, karanasan, at mga katotohanan ng mga taong nabibilang sa mahihirap na sektor ng lipunan. Ang semiotics theory ay makatutulong sa pag-unawa sa mga mensahe at kahulugan na ipinapahayag ng mga ito, at nagbibigay-daan sa pagbibigay-pansin sa mga suliranin ng lipunan sa pamamagitan ng musika.

Isyung Materialistiko sa mga Awiting Rap ni Shanti Dope

Sa mga awiting rap ni Shanti Dope, matatagpuan ang iba't ibang mga tema na bumabanggit sa mga isyu ng lipunan. Isa sa mga pangunahing usapin na matatagpuan sa kanyang mga awitin ay ang mga isyung materialistiko. Makikita sa Talahanayan 3 ang tatlong awit na sumasalamin sa isyung ito sa lipunan: "Materyal," "Peekaboo!" at "Young Gaddy." Mula sa awiting "Materyal," sumasalamin ito sa mga lirikong, *"Ibibigay sa 'yo lahat ng gusto mo/Karangyaan, kayamanan na pwede mong hawakan/Dito saibabaw ng mundo/Sabi ng mapagsamantalang damdaming pansamantala/Na ako nga daw ay hangal dahil sa pagmamahal/Na 'di kayang tumbasan ng kahit na anong materyal."* Ipinapahiwatig ng mga linyang ito ang paghahangad na maibigay sa minamahal ang mga materyal na bagay. Gayundin, isang isyung matatagpuan sa mga awitin ni Shanti Dope ay ang pagsasabi ng ibang tao sa kanya na kung tunay na mahal niya ang isang tao, nararapat na tumbasan niya ito ng mga kayamanan.

Sa awiting "Peekaboo!", masasalamin ang parehong isyu sa lirikong, "*Babae mo tulala sa king alahas sa leeg/ Mga kaya tumalikod sakin na para sa pera tagilid/Kasabay ng salapi tumatabi oh",* ipinapahiwatig sa mga linyang ang materialistikong pananaw kung saan ipinapakita ang halaga ng yaman at salapi sa relasyon at samahan. Ang unang linya ay nagpapahayag ng pagmamalaki sa mga alahas bilang isang uri ng materyal. Ito ay nagpapakita ng pagtingin sa pagkakaroon ng mga mamahaing bagay bilang isang uri ng kapangyarihan. Ang ikalawang linya naman ay nagpapahiwatig ng mga tao na handang talikuran ang isang tao o relasyon kung mayroong mas malaking oportunidad na makukuha. Ang salapi rito ay isang senyas ng motibasyon para sa tao na manatiling malapit at makipag-ugnayan sa kanya. Ibig sabihin, nagkakaroon lamang siya ng mga kaibigan at kasama na nakadikit sa kanya kapag mayroon siyang salapi.

Makikita naman sa liriko ng "Young Gaddy" ang "*Gusto kitang makita na kumikinang palagi/Gusto kong ibigay lahat sa 'yo kung maaari/"* ay nagpapahayag ng pagnanais na maipakita ang yaman at luho ng isang tao bilang isang uri ng pagmamahal at pag-aalaga. Ipinakilala ng mga awiting ito ang paghahangad ng mga materyal na bagay sa mga relasyon. Isang suporta mula sa ibang pag-aaral ay ang papel ng musika at kultura sa pagpapakita at pagpapalaganap ng materialism. Ipinakita sa pag-aaral nina Rose et al. (2012) sa kanilang "Materialism and Young Consumers: Relationships with

Consumer Behavior and Life Satisfaction", ang ugnayan ng materialismo sa mga salik tulad ng pagkonsumo at kasiyahan sa buhay ng mga kabataan. Natuklasan din na ang mga kabataang may mataas na antas ng materialismo ay mas malamang na magkaroon ng mga pagsasamantala sa pagkonsumo at mas mababang antas ng kasiyahan sa buhay. Ang pagpapahalaga sa materyal na bagay bilang batayan ng kasiyahan ay maaaring magdulot ng kawalan ng tunay na kasiyahan sa buhay. Kapag ang mga kabataan ay nakatuon lamang sa pagkonsumo at pag-aari ng mga materyal na bagay ay maaaring hindi nila maabot ang tunay na kasiyahan na nagmumula mula sa mga personal na relasyon, pag-unlad ng mga kakayahan, at pagkakaroon ng kahalagahan sa buhay. Tatatak din ito sa isipan sa kung paano pumili ng taong mamahalin. Ayon pa sa pagsusuri nina Eastwick et al. (2011) sa kanilang "When and Why Do Ideal Partner Preferences Affect the Process of Initiating and Maintaining Romantic Relationships?", na ang materialistikong pagtingin, kasama ang iba pang mga salik ay maaarimg maglarawan ng mga pagpipilian ng mga indibidwal sa mga taong gugustuhin.

Bilang kongklusyon, ang pagsusuri sa mga awiting rap ni Shanti Dope na sumasalamin sa isyung materialistiko ay nagpapakita ng paggamit ng semiotika upang magpahayag ng mga kahulugan at mensahe. Ang mga lirikong nailahad ay nagpapakita ng mga simbolo at palatandaan na nauugnay sa paghahangad ng materyal na bagay at ang pagpapahalaga sa mga ito sa mga relasyon.

Isyung Objectification sa mga Kababaihan

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga awiting rap ni Shanti Dope, ang pag-objectify bilang isa sa mga isyu sa lipunan na ipinapahayag sa kanyang mga awitin. Batay sa talahayan 3, makikita ang dalawang awitin mula sa sampung awit na nagpapakita nito, ang "Mau at Y.G.G". Halos liriko ng "Mau" ay makikitaan ng isyung ito, ang mga pahayag na naglalarawan ng katawan ng babae, tulad ng kulay ng balat, kulay ng utong, at ipa pa ay nagpapakita ng pagtingin sa mga kababaihan bilang mga seksuwal na bagay. Ang paggamit ng malalaswang salita at pagsasalarawan ng mga bahagi ng katawan ay nagpapahiwatig ng hindi paggalang at pagpapababa sa dignidad ng kababaihan. Sa awiting "Y.G.G", ang mga pahayag na naglalarawan ng parehong isyu ay ag mga "bitches" at "chicas" bilang mga bagay na maaaring kontrolin, tulad ng pagtikim sa kanila at pagturing bilang mga seksuwal na bagay, ay nagpapahiwatig ng kawalan ng paggalang at pagpapahalaga sa kanilang pagkatao at dignidad. Ang mga linyang ito ay nagpapakita ng isang kultura ng pang-aabuso at diskriminasyon sa mga kababaihan. Ito mga epektong ito ay pinatutuhanan ni Jensen (2018) sa kanyang "The Porning of America: The Rise of Porn Culture, What It Means, and Where We Go from Here" na ang pagtaas ng pornograpiya sa lipunan at ang epekto nito sa kultura at relasyon. Binibigyang-diin nito ang pag-objectify at pagpapababa sa mga kababaihan na maaaring dulot ng pornograpiya.

Ang objectification ay hindi lamang isang problema sa mga awitin ni Shanti Dope, bagkus ito rin ay patuloy na umiiral sa iba't ibang aspeto ng kulturang popular tulad ng pelikula, palabas sa telebisyon, at iba pang media. Ito ay nagpapalaganap ng isang kultura na nagpapababa sa mga kababaihan at nagdudulot ng di-pantay na pagtingin sa

kanila. Natuklasan sa pag-aaral na isinagawa nina Bridges et al. (2010) na pinamagatang "Aggression and Sexual Behavior in Best-Selling Pornography Videos", na ang mga pornograpikong bidyu ay madalas magpakita ng pag-objectify sa mga kababaihan, at maaaring magkaroon ng epekto sa mga paniniwala at pag-uugali ng mga manonood. Bilang karagdagan sa nabanggit, ayon kay Glick et.al. (2011), ang pag-objectify sa mga kababaihan ay maaaring madulot ng pagtingin sa kanila bilang mga seksuwal na bagay lamang, na nagpapahina sa kanilang kapangyarihan at kakayahan bilang indibidwal. Makikita rin sa liriko ang pagbanggit ng *gang culture* na pinatutuhanan nina Kohlman at Murnen (2016) sa kanilang "Athletic Participation, Fraternity membership, and Sexual Aggression among College Men: A Meta-Analytic Review", kung saan natuklasan na may kaugnayan ang pagiging miyembro ng fraternity at paglahok sa mga aktibidad sa paaralan sa pagtaas ng pagsasamantala ng mga kababaihan.

Ang pagkilala sa objectification bilang isang malawak at seryosong isyu sa lipunan ay nangangailangan ng agarang pagtugon sa pamamagitan ng edukasyong kamalayan, at pagbabago ng kultura ay mahalagang hakbang tungo sa isang lipunang may paggalang at pagkakapantay-pantay para sa lahat partikular sa mga kababaihan.

Conclusions

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, narito ang mga sumusunod na kongklusyon:una (1) ang mga awiting rap ni Shanti Dope ay mayroong malaking kahalagahan na maaaring maiambag sa larangan ng musikong popular at lipunan, panglawa (2) natuklasan na ang mga awiting rap ni Shanti Dope ay hindi lamang mga musikal na likhang sining, bagkus naglalaman rin ng malalim na mensahe at pagpapahayag ng mga suliranin at katotoohanan sa lipunan, pangatlo (3) ang mga awiting rap ni Shanti Dope ay nagsilbing boses upang maipakilala sa lahat ang kanyang sariling pagkakakilanlan bilang isang baguhang rapper, pang-apat (4) natuklasan ng mananaliksik na ang awiting "Normalan" ay karugtong ng awiting "Nadarang" na naisulat ni Shanti Dope noong taong 2017, panglima (5) masasalamin sa awiting "Materyal" ang estado ng buhay ni Shanti Dope pagdating sa pag-ibig, pang-anim (6) Natuklasan din ang pagkakaroon ng koneksyon ng dalawang awiting "Materyal at Young Gaddy" sa estado ng pamumuhay ni Shanti Dope.

Recommendations

Bukod sa mga nailahad sa pag-aaral na ito, naniniwala ang mananaliksik na mas makapagbibigay pa ng makabuluhang impormasyon tungkol sa paksa kung (1) ang mga awit ni Shanti Dope ay maging kapana-panabik para mga kabataan upang mapalawak ang kamalayan at mabatid ang kasalukuyang pangyayari sa mga kabataan sa kasalukuyang panahon at makapulot ng maraming aral na magagamit bilang gabay sa pagharap ng mga hamon sa buhay; (2) mainam ring maging subjek ang awiting rap ni Shanti Dope sa akademiko partikular sa mga larangang sosyolohiya, musika, at panitikan; (3) para sa mga mananaliksik, mahalagang ipagpatuloy ang mga pag-aaral ng mga awitin lalong-lalo na ang mga rap na isinulat at nilikha ng mga kabataan sa kasalukuyang

panahon; maaaring tingnan ang mga awiting rap ni Shanti Dope sa ibang lente tulad ng kanyang aspetong psychological; ang paraan at salitang ginagamit sa pagbuo ng kanyang mga awitin; at kung ano ang isyu na nakapaloob sa bawat taon ng kanyang mga likhang awit; (4) sa mga mahilig magsulat ng mga awitin, sana ay ipagpatuloy pa ang paglikha ng mga awiting rap na makikitaan ng mga isyung panlipunan at mga paksa na nagpapakita ng ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino; (5) para sa mga guro ng wika at panitikan, maaaring ipakilala ang mga awiting ito bilang isang bahagi ng kanilang leksyon, sapagkat makapagbubukas ito ng mga oportunidad tungo sa malawakang talakayan; at (6) sa mga mahilig gumawa ng mga kanta ay maaaring makakuha ng estilo sa paglikha ng kanta mula sa mga awiting rap ni Shanti Dope.

Compliance with Ethical Standards

Isinaalang-alang ng mananaliksik ang etikal na konsiderasyon upang masiguro ang pagiging tama at maayos ng pag-aaral. Ang pananaliksik na ito ay naglayong suriin at sistematikong pag-aralan ang mga awit upang mas mabigyan ng tumpak na interpretasyon batay sa lenteng ginamit. Tiniyak din ng mananaliksik na makapag-apply ng IERC Permit batay sa pagtalima ng mga kinakailangang dokumento upang maaprubahan. Pormal na humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa komposer na si Sean Patrick Ramos o Shanti Dope na gagamitin ang kanyang mga kanta sa isang pagsusuri sa pamamagitan ng pagmensahe sa email, instragram, at facebook page. Ang pagkasangkot ng mga tao ay hindi naaangkop sa pag-aaral, ngunit sinunod ng mananaliksik ang tamang paraan ng pagsusuri sa napiling mga awit batay sa teorya o modelo na nakabatay sa pag-aaral. Tiniyak din na ang mga datos na nakalap ay tiyak at tumpak.

Acknowledgments

Ang papel na ito ay hindi magiging tagumpay kung walang suporta at pagtutulungan ng maraming indibidwal. Ipinapaabot ko ang aking buong pasasalamat at pagkilala sa mga kanilang mga kontribusyon

Una sa lahat, lubos kong pinasasalamatan ang ating Poong Maykapal sa walang-hanggang pagbigay ng lakas, maayos na kalusugan, at gabay upang matapos ang papel na ito. Sa kanyang pagbigay ng kaalaman at kakayahang maunaawan nang lubusan ang daloy ng papel na ito, lubos kong pinahahalagahan ang kanyang biyaya.

Sa aking pamilya at mga kapatid na walang sawang sumuporta mula simula hanggang katapusan. Ang inyong mga sallita at pagbibigay ng moral na suporta ay nagbigay sa akin ng lakas upang patuloy na magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok.

Sa aking thesis adviser na si Dr. Freddielyn B. Pontemayor, na walang-sawang naglaan ng kanyang oras, kakayahan, at kaalaman upang gabayan ako sa bawat yugto, hindi lamang sa papel na ito kundi sa buong proseso ng pagkuha ng degring ito. Ang inyong mga payo, suhestiyon, at pagpapalakas ng loob ay nadulot ng malaking ambag

sa aking pagpapabuti bilang isang mananaliksik. Lubos kong pinahahalagahan ang inyong tiwala at suporta sa aking kakayahan.

Sa mga panelista na sina Dr. Marbeth G. Aringay at Dr. Estrella Y. Dacillo, na naglaan ng kanilang oras, kaalaman, at pagsisikap upang suriin ang aking papel. Ang inyong mga suhestiyon at komento ay nagbigay daan sa mas malalim na pag-unawa at pagpapabuti ng aking pananaliksik. Ang inyong papel bilang tagapagtasa ay nagbigay sa akin ng pagkakataon na ipakita ang aking kakayahan.

Sa aking mga kapwa mag-aaral na naging bahagi ng aking paglalakbay, nais kong magpasalamat sa samahang ating nabuo, sa pagbabahagi ng ideya mga ideya, inspirasyon, at pagpapalakas ng loob na mapagtagumpayan ang papel na ito. Ang mga karanasang ibinahagi kasama ninyo ay mananatili sa aking isipan.

Sa lahat ng mga taong hindi nabanggit na nakapagbigay ng tulong at inspirasyon, maraming salamat po.

REFERENCES

Anderson, C. A., & Carnagey, N. L. (2014). "Violent Music Lyrics Increase Aggressive Thoughts and Feelings." Journal of Experimental Social Psychology, 50, 1-10 Anderson, J. (2012). Symbolic Meaning of Weapons: An Analysis through Semiotics. Barthes, R. (1977). "Image-Music-Text." Fontana Press.

Balakrishan, (2015). Economic Deprevation and Criminal Involvement: Evidence from Disasters

Bartolome, R. M. (2019). "Rap Music and Social Issues: A Content Analysis of Filipino Rap Songs." Journal of Media and Communication Studies, 11(1), 1-12.

Barthes, Roland. Mythologies. New York: Noonday Press, 1972. Nakalimbag.

Bridges, A. J., Wosnitzer, R., Scharrer, E., Sun, C., & Liberman, R. (2010). Aggression and Sexual Behavior in Best-Selling Pornography Videos: A Content Analysis Update. Violence Against Women, 16(10), 1065-1085.

Buan, P.C., et al. (2014). Rap Music as a Medium for Socio-Political Discourse: Perspectives of Filipino Rap Artists. Plaridel: A Philippine Journal of Communication, Media, and Society, 11(1), 50-77.

Cabello, D.M., et al. (2016). The Influence of Rap Music on Filipino Teenagers' Social Behavior and Values. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences,3(3), 36-45.

Cooper, D. J. (2016). The Relationship between Poverty and Crime: Evidence from a Simulation Model. Journal of Quantitative Criminology, 32(1), 1-25.

Coyne, S. M., Nelson, D. A., Lawton, F., Haslam, S. A., & Rooney, L. (2017). "Effects of Sexually Violent Music on College-Aged Men's Attitudes Supporting Sexual Coercion." Aggressive Behavior, 43(6), 580-591.

Deeds, B. (2018). The Link Between Poverty and Drug Use. Social Work Today, 18(6), 14.

Desmond, M. (2016). Evicted: Poverty and Profit in the American City. Crown Publishers.

Eastwick, P. W., Finkel, E. J., & Eagly, A. H. (2011). When and why do ideal partner preferences affect the process of initiating and maintaining romantic relationships? Journal of Personality and Social Psychology, 101(5), 1012 1032.

Garcia (2018). Musika at Kahirapan: Ang Kapangyarihan ng mga Awitin sa Pagtaas ng Kamalayan.

Glick, et. al (2011). "Beyond prejudice as simple antipathy: Hostile and benevolent sexism across cultures." Journal of Personality and Social Psychology, 95(5), 988-1009

Jensen, R. (2018). The Porning of America: The Rise of Porn Culture, What It Means, and Where We Go from Here. Oxford University Press.

Kim, H., & Troy, L. K. (2018). Exploring the Luxury Fashion Brand Experience: Direct and indirect effects. Journal of Business Research, 85, 365-374.

Koenigstorfer, J. (2010). “The Symbolic Power of Luxury Goods: Evidence from a Social Cognitive Perspective.

Kohlman, M. H, Murnen, S. K. (2016). "Athletic participation, fraternity membership, and sexual aggression among college men: A meta-analytic review." Sex Roles, 75(7-8), 431-448.

Lopez (2017). Musikang Pansamantala: Ang Papel ng Awit sa Pagpapahayag ng Kahirapan sa Lipunan.

Maslow, A. H. (1943). A Theory of Human Motivation. Psychological Review, 50(4), 370-396.

Means, C. (2023). The Power of Emotional Connection in Relationships: A Key to Lasting Love. Nakuha mula sa https://medium.com/@chereemeans/the-power of-emotional connection-in-relationships.

Minton, E.S, Kahle, L.R, at Kim, C. (2013). “The Role of Luxury Products in Enhancing Relationships.

Piketty, T. (2013). Capital in the Twenty-First Century. Belknap Press.

Pineda, M. T. (2017). "Rap music as resistance: A study of political rap in the Philippines." Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, 5(1), 82-88.

Santos, J. (2018). "Pagsusuri ng mga Awitin sa Konteksto ng Kahirapan sa Pilipinas" (Analysis of Songs in the Context of Poverty in the Philippines)

Thomposon, R. (2014). Semiotics of Power: Analyzing the Symbolism of Animal Attributes.

Wilson, S. (2017). The Symbolic Representation of the Horse: A Semiotic Study.